## Mga tala sa paggamit

- Kung sobrang lambot ng suppository, palamigin muna ito nang ilang saglit para mainam itong gamitin.

- Kailangan ng ilang suppository ay kailangan na malamig; mangyaring tingnan ang indibidwal na instruksyon sa produkto. Kung pinalamig, hayaan ang suppository sa temperature ng kuwarto bago gamitin.
- Kung kinakailangan, gumamit ng tubig o lubricant na natutunaw sa tubig sa patusok na bahagi ng suppository bago ito ipasok.
- Maaari mong maramdaman na nais mong ilabas ang suppository. Ang pakiramdam na ito ay mawawala kapag natunaw ang suppository pagkatapos ng ilang minuto.
- Kung kailangan lang ang kalahati ng suppository, putulin ang suppository nang pahaba at itago ang kalahati para sa susunod na paggamit.

## Mga posibleng side effect

Pagkatapos na ipasok ang suppository, maaari kang makaranas ng ilang banayad na mga side effect tulad ng tila nasusunod o iritasyon ng puwitan, pagdudumi, at pananakit ng tiyan.

Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.

## Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata upang makaiwas sa aksidenteng pagkalunok nito.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

# PAANO gumamit ng RECTAL SUPPOSITORIES



PESSARY
RECTAL SUPPOSITORIES
MEDICINAL MOUTHWASH
NASAL DROPS

Drug Office
Department of Health

# Paano gumamit ng Rectal suppositories

1. Hugasang maigi ang iyong mga kamay gamit ang tubig at sabon

2. Magsuot ng finger cot o guwantes na maaaring itapon kung kinakailangan.

3. Tanggalin ang pabalat.

4. Humiga sa iyong gilid. Panatilihing tuwid ang iyong ibabang binti at ang itaas na binto ay nabaluktot papunta sa tiyan.

5. Ilantad ang butas ng puwit sa pamamagitan ng pagtataas ng puwitan gamit ang isang kamay.

Ang isang bata ay maaaring padapa sa hita ng magulang.



6. I-relax ang butas ng puwitan at gamitin ang isang kamay na dahan-dahang ipasok ang suppository mula sa pabilog na dulo ito ng mga 2cm sa mga sanggol at mga 3cm sa mga matanda.

7. Pagdikitin ang puwitan nang ilang segundo. Manatiling nakahiga ng 5 hanggang 15 minuto upang pigilang lumabas ang suppository.

Ang pag-upo nang magkatiklop ang mga binti ay isang magandang posisyon din.

8. Itapon ang finger cots o guwantes at hugasan muli ang iyong mga kamay.